

1

Kinakabahan na si Sasha. Lumalatag na ang dilim at nagsisimula nang magsihuni ang mga panggabing insekto, pero parang walang katapusan ang kanyang pagmamaneho. *Baka naman naliligaw na ako?* Dinampot niya ang kopya ng direksyon ng lugar na kanyang pupuntahan na nasa kanyang kandungan. *Tama naman.*

Sinulyapan niya si Mimi, ang kanyang pusa, na natutulog sa passenger seat. Kapag malayo ang kanyang pinupuntahan ay lagi niya itong kasama, hindi niya gustong naiwan ito sa bahay. At ngayon nga ay binabagtas niya ang daan patungo sa Santa Barbara kung saan siya magbabakasyon ng isang buwan o higit pa. At twenty-eight, isa siya romance novelist. Nahihirapan siyang isulat ang kanyang bagong nobela kaya tinulungan siya ng kanyang kaibigan na si Becky na makahanap ng tahimik at magandang lugar na puwede niyang tuluyan at baka sakaling makabuo siya ng isang magandang nobela. Bahay ng Ninang Eloisa nito ang kanyang pupuntahan.

Inaya rin siya ng kanyang mga magulang na

magbakasyon sa Wellington, New Zealand kung saan nakatira na ang mga ito at ang dalawang pa niyang kapatid na lalaki. Computer engineers ang kanyang mga kapatid at nakakuha ang mga ito ng magandang trabaho roon. Sa huli ay nagdesisyon ang buong pamilya na roon na manirahan.

Tumanggi siyang bumalik doon dahil noong huling punta niya ay hindi siya nakatagal sa sobrang lamig kahit patung-patong na ang kanyang suot na mga damit. Torture sa kanya ang klima roon. At sa isang tulad niya na may katigasan ang ulo kapag ayaw niya ay umuwi siya ng Pilipinas. Hindi makapaniwala ang mga ito na hindi niya natagalan ang lamig. *Sasha Bayawak* ang tukso ng mga ito sa kanya noong bata pa siya dahil kahit malamig na ay ayaw pa niyang magkumot. Animo balat-bayawak daw siya. Makapal ang balat at hindi basta-basta kayang tablan ng lamig. Pero heto siya ngayon at takot sa lamig. Sinabihan siya ng mga ito na sanayin na niya ang sarili sa lamig dahil hindi puwedeng magkakahiwalay pa sila. But no way!

Walong oras na siyang naglalakbay at napapagod na siya. Malalaki ang punong nakatayo na parang mga guwardya sa gilid ng makitid na daan. Naroon siya sa isolated na bahagi ng probinsya kaya parang siya lamang ang nagbibiyahe maski may iilang

sasakyan ang nakasalubong niya.

Napanatag ang kanyang kalooban nang unti-unting lumiwanag at umingay ang paligid. Lumalapad na rin ang kalsada. May nakikita na siyang bahayan at matatandang babae at lalaki na naghuhuntahan sa magkabilang gilid ng kalsada. Dahil doon ay ibinaba na niya ang mga bintana ng kanyang kotse. Masarap sa pakiramdam ang hatid ng panggabing hangin na binibigyang bango ng iba't ibang halaman sa malinis na kapaligiran.

Nagpatuloy ang dalaga sa pagtahak sa kalsada. Tuluyan nang napawi ang kanyang takot. Natutuwa siya sa kanyang nakikita. May kabataang nakangiti at kumakaway sa kanya. Ang matatanda naman na naghuhuntahan ay saglit na tumitigil at tumatango sa kanya. May mga bata na naglalaro ng taguan sa loob ng isang malawak na bakuran. May nakita rin siyang isang pusa na hinahabol ng isang aso at isang tuta na hinahabol naman ng isang manok.

Napangiti siya nang maalala ang isang pangyayari kung saan namumulot siya ng mga tansan sa kanilang lugar noon nang biglang may lumapit na isang panabong na manok sa kanya at tinuka siya sa paa. Tutukain pa sana uli siya niyon, pero mabuti na lamang at nakatakbo siya. Hinabol siya nito.

Pasalamat siya at tinuruan siya ng kanyang ama kung paano umakyat sa puno dahil napakinabangan niya iyon. Parang walong pares ang kanyang mga paa nang mangunyapit siya sa katawan ng punong niyog. Mukha siyang kawawa habang umiiyak at nakayakap sa puno.

Naaliw naman ang kanyang mga magulang at mga kapatid kaya kinunan pa siya ng litrato ng mga ito kasama ang manok na naghihintay sa kanyang pagbaba at minsan ay palipad-lipad pa na gusto talaga siyang abutin. Kaya alam niya ang pakiramdam ng tuta na hinahabol ng manok. Mas kawawa ito, hindi nito kayang umakyat sa puno.

Pagkatapos ng halos kalahating oras ay narating niya ang dulo ng kalsada. Mula roon ay kumanan siya upang bagtasin ang isang makipot na daan. Mayamaya pa ay natanaw na niya ang isang malaking bahay na tumutugma sa descriptions at picture na ibinigay sa kanya ni Becky. Nag-iisa kasi iyon kaya hindi mahirap makita. Inihinto niya ang kanyang kotse sa tapat ng bahay. Karga si Mimi ay lumakad siya patungo sa pinto at kumatok.

Hindi nagtagal ay binuksan iyon ng isang magandang babae na may katabaan at sa tantya niya ay nasa early fifties ang edad. Nakita niya ang

malaking katuwaan sa mukha nito nang makilala siya. Nagpadala kasi si Becky ng mga litrato rito na kasama siya.

“Magandang gabi po, Tita Eloisa,” nakangiting bati niya rito. Ilang beses na silang nakapag-usap sa telepono nang nasa Maynila pa lamang siya kaya panatag na ang loob niya rito.

“Magandang gabi, hija. Tuloy ka. Mabuti naman at hindi ka naligaw. Ang cute naman ng pusa mo.” Nakangiting hinimas nito ang ulo ni Mimi at nagpurr ang pusa. Tinulungan siya nito sa kanyang mga dalahin. Marami silang binili ni Becky para sa ginang. Hindi nakasama ang kanyang kaibigan dahil marami itong customers na dapat asikasuhin sa shop nito. Nagtitinda ito ng mga rare and collectible items.

“Hindi ko alam na ganitong karami ang dadalhin ninyo sa akin. Salamat, hija,” natatawa nitong sabi.

“Ako nga ho ang dapat magpasalamat dahil pumayag kayo na dumito ako. Isa akong malaking abala sa inyo,” nahihiya niyang tugon.

“Wala iyon. Dalawa lang kami ng anak ko rito kaya walang kaso sa akin. Dito ka na lang tumira kung gusto mo.”

Nagkatawanan sila.

“Kumain ka muna bago magpahinga.”

“Sige po. Gutom na nga po ako.”

Masaya silang nagkuwentuhan habang kumakain. Mayamaya ay inaya na siya nitong magpahinga. Nasa ikalawang palapag ang inihanda nitong silid para sa kanya. Maaliwalas sa loob ng silid. Bukas ang bintana kaya malayang nakakapasok ang sariwang hangin.

“Dalawa ang kuwarto dito sa taas. Ito ang silid ng anak kong si Dan.” Itinuro nito ang kuwartong katapat ng tutuluyan niyang silid. “Ang silid ko ay nasa ibaba. Sige, pahinga ka na. Bukas na tayo magkuwentuhan.”

“Sige po. Salamat po ulit, Tita Eloisa.”

Binigyan ng dalaga ng pagkain si Mimi bago siya magtungo sa banyo upang maligo. Presko na muli ang kanyang pakiramdam matapos masayaran ng tubig at sabon ang katawan niya. Naglagay siya ng oatmeal facial mask. Bukas na niya iyon tatanggalin. Sandali siyang dumungaw sa bintana. Wala naman siyang makita. Madilim sa dako pa roon dahil iyon ang kasukalan. Medyo nanginig pa siya nang makitang bilog ang buwan. Nahiga siya at sinikap makatulog.

Hindi pa man ganoong naiidlip si Sasha nang makarinig siya ng parang may umuungol. Inisip niya na marahil ay gawa lamang iyon ng mga kuliglig at ng panggabing hangin na humahampas sa kurtina ng nakabukas na bintana. Ngunit nang maulit ang ungol ay nanindig na ang kanyang balahibo. Ang panaghoy ay mas naging kakila-kilabot sa kanyang pandinig. Parang nanggagaling iyon sa ilalim ng lupa.

It was too dark to see anything. Tanging ang malamlam na liwanag lamang ng buwan ang siyang pumapasok sa nakabukas na bintana. She reached out and tried to switch on the lamp on the side table but it was not working.

Tumayo siya upang kapain ng kanyang nanginginig na kamay ang switch malapit sa pinto upang sindihan ang ilaw sa kisame. Hindi rin gumagana iyon. Makailang beses pa niyang sinubukang pindut-pindutin iyon ngunit hindi talaga gumagana. *Nalintikan na! Mukhang haunted house pa yata ang bahay na ito!*

Mayamaya pa ay nakarinig siya ng mga yabag na tila papalapit. Ang panaghoy na parang nanggagaling sa ilalim ng lupa ang boses ay unti-unting lumalakas. Gusto niyang tumili ngunit nangatal ang kanyang panga sa takot na unti-unting bumabalot sa

kanyang katauhan. Tumakbo siya pabalik sa kama at nagtalukbong ng kumot. Ayaw niyang isipin na baka may nagmumulto sa bahay na iyon. Nakiramdam siya.

Patuloy pa rin ang makapanindig-balahibong panaghoy. Napalundag siya nang makarinig naman ng pagngiyaw ni Mimi. O si Mimi nga ba iyon? Tumili siya nang tumili nang ubod-lakas habang ang dalawang kamay ay nakatakip sa magkabilang tainga. Tumigil lamang siya nang makaramdam ng pananakit ng lalamunan. Nakiramdam uli siya.

Natigil ang panaghoy. Tumahimik ang paligid nang ilang sandali. Hindi naman nagtagal at parang may pumipihit ng seradura ng pinto ng kanyang silid.

Pinigil niya ang isa pang tili na nais kumawala sa kanyang bibig. Hindi siya dapat magpadaig sa takot.

Hindi alam ni Sasha kung saan niya nahugot ang kanyang tapang para bumangon at tumayo. Nang makapa niya ang kanyang payong na nakasampay sa headboard ng kama ay mabibilis ang hakbang na tinungo niya ang pinto at binuksan iyon.

Ganoon na lamang ang pangangapal ng kanyang mga tainga sa pagkagimbal nang ganap na makita kung sino ang nakatayo sa labas ng silid. A headless

man holding a bloody head in one hand and a gas lamp in the other hand!

Ibinuka niya ang bibig upang tumili, ngunit walang boses na lumabas doon dahil parang may nakabara sa kanyang lalamunan. Nakita niya si Mimi na lumapit dito. Nabitawan niya ang payong dahil sa panginginig. Parang lalabas ang kanyang mga eyeballs sa panlalaki ng kanyang mga mata dahil sa matinding takot.

Dinampot niyang muli ang payong. Pinagpapalo at pinagkakalmot niya ito nang walang humpay. Tumilapon sa kung saan ang pugot na ulo nito. Umungol ito na tila galit at umurong upang hanapin marahil kung saan tumilapon ang ulo.

Doon na kumawala ang kanyang makabasag-taingang tili. Napaatras siya pabalik sa loob ng kanyang kuwarto, nagtatatalon sa takot. Nadulas pa siya dahil sa pagmamadali ngunit dagli ring nakatayong muli. Hindi niya alam kung saan siya susuot upang makapagtago.

Mayamaya pa ay nakatayo na naman sa labas ng pintuan ang headless man. Hawak-hawak na uli nito ang pugot na ulo. Ibinaba nito ang lampara sa sahig. Nagsimulang lumakad ito papasok sa kuwarto. Kasabay niyon ay ang pag-hip ng malakas na hangin

at pagkulong nang malakas na sinundan ng pagkidlat na tila ba galit na galit ang langit.

Tuluyang kinain ng sobrang takot ang natitira pang hibla ng tapang ng dalaga. Nagtititili na halos liparin niya ang nakabukas na bintana. Hindi na niya alintana ang taas na kanyang tatalunin. Kumulog na naman nang ubod-lakas. Ang muling pagguhit ng kidlat sa langit ay sinundan ng mga nag-uunahang patak ng ulan.

Diyos ko po! Konting buto lang sana ang mabali sa akin. At pikit-mata siyang umakmang tatalon.

Ngunit hindi siya niyakap ng malamig na hangin kundi ng maiinit na braso na nakapulupot sa kanyang baywang.

“Bakit ka tatalon? Naloloka ka na ba?”

2

Nilingon ni Sasha ang pinagmulan ng tinig na buung-buo. It was the headless man! Sino ang nagsalita, wala naman itong ulo? Ang pugot na ulo mismo? Bumaba ang tingin niya sa mga braso nito na nakayakap sa kanyang baywang. Hawak-hawak pa rin pala nito ang pugot na ulo! Gusto na niyang panawan ng ulirat lalo pa at nakadantay ang bagay na iyon sa puson niya.

Nagpumiglas siya. “Bitawan mo ako! Bitawan mo ako!”

Sa kanyang pagkahindik ay binuhat siya nito. *Gigilitan na niya ako ng ulo!* Nangatal ang kanyang buong katawan. Napapikit na lamang siya, hinintay ang kanyang masaklap na kapalaran.

Nagtaka pa si Sasha nang walang matalas na bagay na gumuhit sa kanyang leeg. O baka naman putol na ang kanyang ulo at wala na siyang pandama? Unti-unting nagmulat siya ng mga mata. Nanginginig na sinalat niya ang kanyang ulo at leeg. Buo pa rin siya! Wala na siya sa bintana. Nakalapat na ang kanyang mga paa sa sahig.

Nanginginig na tiningala niya ang headless man.

Sa panggigilalas niya ay tinanggal nito ang suot na itim na damit. Iniluwa ng kadiliman ang pinakaguwapong halimaw sa balat ng lupa! Tinalikuran siya nito at lumabas ng kanyang silid.

Laglag ang panga ni Sasha. Hindi siya makapaniwala. Tila isang masamang biro ang lahat. Hindi nagtagal ay lumiwanag muli ang paligid. Nakita niya ang lalaki na nakatayo sa labas ng silid niya. Sa ganap na liwanag ay napatunayan niya na talagang guwapo ito bagaman naroon pa rin ang kakaibang dating dahil wala itong kangiti-ngiti. Matangos ang ilong ng lalaki. Maganda ang mga mata nito na parang nakakalunod tingnan. Mapupula ang labi nito.

Nilapitan niya ang estranghero. Kung hindi lang ito matangkad ay binatukan na niya ito. “Bakit ka nananakot? Miyembro ka ba ng *Wow Mali*? Halos patayin mo ako sa takot, ah!” asik niya. Wala siyang pakialam kahit guwapo ito. Muntik na niyang wakasan ang buhay niya dahil dito.

Hindi man lang ito natinag sa kanya. “Hindi ako nananakot. I’m working on my novel. It’s only a costume, see?” Itinapat nito ang pugot na ulo sa mukha niya.

Napapitlag siya. Tiningnan niya ang pugot na ulo. Hindi na iyon nakakatakot tingnan ngayon, tila

nakangiti na ito habang nakaluwa ang mga mata.

“Baka ikaw ang nananakot. Ano iyang nasa mukha mo?”

Bigla siyang napahawak sa kanyang mukha. Ang oatmeal facial mask niya!

Nakadama siya ng hiya pero wala siyang balak ipakita iyon sa lalaki. “Sino ka ba?”

He didn't answer and looked at her from head to foot. His cool glance swept over her pink pajamas before coming to rest on her face. Suddenly, she felt very conscious.

“I'm Dan. Ikaw si Sasha, tama?”

Ah, ito ang anak ni Tita Eloisa. Nakataas ang isang kilay na tumango siya. Kilala pala siya nito at marahil ay alam na darating siya ngayon ay kung bakit nagawa pa nitong magsuot ng nakakatakot na costume. Alam niya na narito ang lahat ng karapatan na gawin ang maibigan nitong gawin anumang oras nito naisin dahil anak ito ng may-ari ng bahay. Pero paano naman siya na muntik nang tumalon sa bintana dahil sa takot?

Mukhang nahulaan ni Dan ang iniisip niya. “Well, hindi ko na kasalanan kung natakot ka. You just try

to relax and think first next time. Imposible naman kasing totoo itong dala ko.” Itinaas muli nito ang pugot na ulo.

Antipatiko pala ang Dan na ito! Sa lagay pala, hindi siya nag-iisip. Gusto niyang pugutan ito ng ulo ngayon dahil sa kayabangan nito. Pagod na pagod siya at hindi pa siya gaanong nakakapagpahinga ay ganito pa ang gagawin nito sa kanya. Gayumpaman ay nagpakatimpi-timpi siya at nginitian ito.

“Okay. Good night, then.” Iyon lang at isinara na ni Sasha ang pinto. Malakas pa rin ang buhos ng ulan at giniginaw na siya kaya isinara niya ang mga bintana at sinikap makatulog muli.

Asar na asar si Dan sa nangyari sa black costume niya. May mga punit ang ilang bahagi niyon dahil sa malakas na palo at kalmot na ginawa ng Sasha na iyon sa kanya. Napailing siya nang tapunan ng tingin ang pugot na ulo na ngayon ay nakalapag na sa kanyang lamesa. Sukat ba namang hatawin iyon ng eskadalosang babae na walang ginawa kundi ang magtitili nang magtitili. Lumuwa nang husto ang mga mata ng pugot na ulo nang tumilapon iyon. Ang mahal pa ng bili niya sa dalawang costumes na iyon.

Hindi naman niya balak takutin ang babae. Isinuot niya ang kanyang black costume dahil ginagawa niya ang kanyang nobela na *Ang Pugot Na Ulo Ni Valentino*. Mas gumaganda ang kanyang nobela kapag inaarte niya ang mga eksena. Tangan ang maliit na lampara at ang pugot na ulo ay lumakad siya bilang si Valentino. Nang patayin niya ang fuse sa second floor—na karaniwan na niyang ginagawa para mas lalong ma-feel niya ang mga eksenang isusulat niya—bigla na lamang siyang nakarinig ng mga kaluskos mula sa katapat na silid.

Akala ni Dan ay napasok na sila ng kung sino kaya pinihit niya ang serdura ng pinto upang alamin kung anuman ang mayroon doon. Siya pa nga ang nagulat nang bumalandra ang nakakatakot na mukha ng babae. Puting-puti ang mukha nito na parang naaagnas. Ano ba ‘yong nakalagay sa mukha nito?

Akala niya tuloy ay may baliw na nakapasok sa bahay nila at bigla na lamang siyang sinugod nito habang nagtititili ito. Nagulat siya nang hatawin siya nito at iyon nga, lumipad sa ere ang pinakamamahal na pugot na ulo niya. Laking gulat pa niya nang magtangka itong tumalon sa bintana. Napangisi si Dan. Talagang isang baliw ang babae sa paningin niya kanina.

Nakalimutan namang sabihin sa kanya ng ina na ngayong gabi ang dating ni Sasha. Akala niya ay sa susunod na linggo pa.

Nasira na ang diskarte niya sa pagsulat ngayong gabi, nasira pa ang costume niya!

Ano kaya ang hitsura ng babae at kailangan pa nitong tapalan ang mukha? Ah! Wala siyang pakialam. Sinira nito ang gabi niya!

Alas diez na ng umaga nang magising kinabukasan si Sasha. Inaantok pa siya dahil hindi siya nakatulog nang maayos nang nakalipas na gabi.

Bigla, pumailanlang ang kalabog sa buong silid. Yes, it was her. Namali siya ng pagbangon at nahulog siya mula sa kama. Nahulasan na ang antok niya nang tuluyan.

Kaagad niyang tinungkab ang parang aspaltong oatmeal mask sa kanyang mukha. Binuksan niya ang bintana. Pumasok ang malamig na hangin na hatid ng nagdaang ulan nang nakaraang gabi. Naalala niya ang ginawa ng antipatikong lalaki. Masisira ang araw niya kung uumpisahan niya iyon sa pag-iisip tungkol dito.

Naligo si Sasha at nag-ayos ng sarili. Isang itim na tank top at puting shorts ang kanyang isinuot. Hinayaan niyang nakalugay lang ang kanyang mamasa-masa pang alun-alon na buhok. Isinuot din niya ang kanyang flat black sandals.

Walang tao sa sala nang makababa siya. Nadatnan niya sa komedor si Eloisa. Nasa harap ito ng hapag, nagkakape habang nagbabasa ng newspaper.

“Magandang umaga ho,” nakangiting bati niya.

“Magandang umaga rin, hija. Nakatulog ka ba nang maayos? Ang lakas ng ulan kagabi, ano? Halika na at mag-almusal. Nagluto ako ng sopas. Teka lang at ipagsasandok kita.” Tumayo ito.

Maagap na pinigilan niya ito. “Ako na lang ho.”

Sumandok siya ng mainit na sopas at naupo sa katabing silya nito. “Ang lakas nga ho ng ulan kagabi. Nakakatakot ang kulog at kidlat.”

“Parang katapusan na ng mundo.”

Awtomatikong napalingon siya sa pinagmulan ng tinig. Ang antipatikong lalaki!

“Diyaskeng bata ire! Kailan ka pa dumating? Para kang pusa talaga, hindi namamalayan kung nakauwi ka na,” ani Eloisa.

“Masyadong mahimbing po ang tulog ninyo kaya hindi ninyo namalayan ang pagdating ko kagabi.” Lumapit ito sa ina at dinampian ng halik sa pisngi. Binalingan siya nito at marahang tinanguan.

Nalunok ni Sasha nang buo ang isang may kalakihang hiwa ng hotdog. Pakiramdam niya ay lumundag ang kanyang puso sa paraan ng pagkakatingin nito sa kanya.

“Si Sasha nga pala, hijo; kaibigan siya ni Becky. Hija, si Dan, anak ko.”

Nginitian niya ito dahil nakakahiya kay Eloisa kung ipapakita niyang asar na kaagad siya sa anak nito.

“Kagabi pa ho kami nagkakilala,” anang lalaki.

“Kagabi pa? ‘Wag mong....” Nanlaki ang mga mata ng matandang babae. “Mahabaging langit! Siguradong ginamit mo na naman iyong nakakatakot mong costume.”

Parang hindi naman nabalisa at nahiya si Dan. Wala pa ring reaksiyon sa mukha nito.

Semi-retarded yata ito, naisip ng dalaga.

“Yong headless man ba ay nakita mo kagabi, Sasha?” baling sa kanya ni Eloisa.

“Opo,” mahinang sagot niya. Nahiihiya rin siyang sabihin dito ang mga nangyari nang nakalipas na gabi.

“Mabuti at hindi ka hinimatay, hija. Ako, noong unang beses na makita ko itong lalaki na ito na suot iyong itim na damit at hawak iyong pugot na ulo ay talaga namang gusto ko nang atakihin sa puso dahil sa matinding takot. Pasensya ka na, hija. Horror writer kasi ang anak kong ito. Madalas siyang magsuot ng gan'on. Thirty-three pa lang iyan pero mukhang maligno na.”

“Nay, sobra ho namang matatakutin ninyo. Para iyon lang. Pasalamat na lang ako at hindi ninyo naisipang tumalon sa bintana,” ani Dan at tiningnan siya. Hindi niya alam kung nagbibiro ito o pinariringgan siya. Hindi naman ito nakangiti. Mayamaya ay nakita niya ang pagkunot ng noo ng binata.

Parang nagtatanong ang mga mata na nakipagtitigan siya rito. Bumaba ang tingin nito sa mangkok niya. Pahiya naman siya. Kutsara siya nang kutsara, wala na palang laman ang kanyang mangkok. Engot tuloy ang labas niya. Lumagok na lang siya ng tubig.

“Mabuti at hindi mo naisipang tumalon sa

bintana, hija. Siguradong babalik ka ng Maynila na naka-wheelchair,” natatawang sabi ni Eloisa.

Tipid na ngumiti na lamang siya. Ayaw niyang malaman nito na muntik na siyang tumalon sa bintana. Nakikiusap ang mga mata na tiningnan niya si Dan. Mukhang naintindihan nito ang senyas niya dahil hindi na ito nagsalita pa tungkol sa nangyari.

Gusto niyang pagalitan ang sarili dahil tila nawawala ang kanyang dila. Hindi rin niya maintindihan kung bakit namamawis ang kanyang mga kamay at ang bilis ng tibok ng kanyang puso. Epekto ba iyon ng presence ng lalaki?

Nagpaalam siya sa mga ito na papanhik muna sa kanyang silid. Pinakain niya si Mimi.

Binuksan niya ang pinto para makalabas ito. Wala namang problema kay Eloisa iyon. Natuwa pa nga ito.

“Mabuti nga iyon at nang mabulabog ang mga nagtatagong daga rito,” sabi pa nito nang makitang tila curious na gumala ang pusa sa sala.

Lumabas ng bahay ang dalaga at naglakad-lakad. Nag-iisa lamang ang bahay na iyon sa malapit sa bukana ng kakahuyan kaya napakatahimik.

Nagsimula siyang maglakad papasok sa kakahuyan. Binati siya ng mga huni ng mga ibon. Nakatuwaan niyang pulutin ang nahulog na mga bunga ng mangga mula sa mga puno niyon. Maayos pa ang mga prutas at puwede pang kainin.

Nagpatuloy siya sa paglalakad habang nilalantakan ang napulot na mga prutas. *Sh*t! May uod pa yata ito*, nakangiwing sabi niya sa sarili na pinagmasdan ang bahaging kinagat niya at medyo hindi na maganda ang hitsura. Napilitan tuloy siyang itapon iyon. Pati ang mga dahon ng makahiya ay hindi rin niya pinalagpas. Natutuwa siyang pagmasdan ang pagsara ng maliliit na dahon, tumitiklop ang mga iyon na tila nahihiya sa kanya.

Ganoon na lamang ang panlalaki ng mga mata ni Sasha nang makakita ng isang maliit na puting kuneho na naglalakad. Tahimik na sinundan niya ito. Kapag humihinto ang kuneho ay humihinto rin siya. Naramdaman yata ng hayop na may sumusunod dito kaya binilisan nito ang pagtalun-talon. Naasar siya nang bigla itong mawala sa kanyang paningin. Nagpatuloy na lamang siya sa kanyang pagmamasid.

Nang mapagod ay naupo si Sasha sa isang nakahapay na punong mangga. Ganoon na lamang ang gulat niya nang makita ang oras; alas seis na

ng gabi! Bakit hindi niya namalayan ang oras? Bakit hindi man lamang siya nakadama ng gutom? Talagang nawili siya sa pagmamasid.

Napansin niyang dumidilim ang kalangitan. Ang kulog at kidlat ay nagsimula nang magbabala. Tumayo siya at binagtas na ang daan pabalik sa bukana. Bigla siyang kinabahan nang hindi niya matandaan kung saan siya lumiko kanina.

“Saan ba ako lumiko kanina? Dito ba?” Sinasabi niya iyon ay nagsimula nang pumatak ang ulan. Noong una ay mahina lamang ngunit mayamaya rin ay lumakas. Lalong dumilim ang kapaligiran at lumakas ang ihip ng hangin. Napasigaw siya nang hatawin ng kulog at kidlat ang kalangitan. Lalo pa niyang binilisan ang paglalakad kahit hindi niya alam kung anong daan na ang kanyang binabagtas.

3

Napamura nang malakas si Dan nang lalong lumakas ang ulan at wala pa ring Sasha na lumalabas mula sa kakahuyan. Ilang oras na ang nakakaraan nang makita niya itong pumasok sa masukal na gubat at ngayon nga ay hindi pa rin ito lumalabas. Tatawagin sana niya ito kanina para paalalahanan na huwag masyadong lumayo dahil mahirap nang makalabas ng kakahuyan kapag dumilim at umulan subalit inunahan siya ng kung anong hiya.

Wala na kasi ang nakita niyang puting maskara na nakatapal sa mukha nito nang nagdaang gabi kaya lubusan niyang napagmasdan kung gaano ito kaganda. Maganda ang mga mata ng dalaga, katamtaman lang ang tangos ng ilong subalit mapupula ang labi. Ngingitian sana niya ito pero naalala niya ang nakakairitang pagtili nito. Kay ganda nito pero sobra kung makatili na parang sirena ng bumbero. Ayaw na ayaw pa naman niya sa babae ang ganoon. Pilit lang ang ngiting ibinigay nito kanina; mukhang asar pa yata ito sa kanya.

Muling kumulog at kumidlat. Hinagip niya ang malaking payong at kumuha ng flashlight. Halos

talunin niya ang mga baitang ng hagdanan at dalidaling lumabas ng bahay.

“A-yo-ko-pang-ma-ma-tay.” Pilit pinasasaya ni Sasha ang sarili sa pamamagitan ng pagbigkas sa bawat salita. Sa ganoong paraan ay marinig sana siya nang maayos ni Bathala sa gitna ng malakas na pag-ihip ng hangin at pag-ulan at maingay na pagkulong at pagkidlat. Ang takot na nararamdaman niya ay kaparis ng takot na naramdaman niya noon nang binabagtas ang madilim na kalsada papasok sa Santa Barbara.

Ang kanyang damit ay basang-basa na. “*Heto ako, basang-basa sa ulan. Walang masisilungan, walang malalapitan,*” pagpapatawa niya sa sarili subalit hindi pa rin naiibsan ang kanyang takot. Nagsimula na rin siyang ginawin.

“Sasha! Sasha!” Mahina lang sa simula ang tawag na iyon pero papalakas nang papalakas, parang papalapit na sa kinatatayuan niya. Imposibleng boses ni Eloisa iyon dahil buung-buo.

Nasilaw siya sa liwanag na tumama sa kanyang mga mata. Ganoon na lamang ang kanyang tuwa nang makita si Dan.

“Hindi ka dapat pumasok nang husto dahil hindi mo pa kabisado ang kasukalan,” pangaral nito.

Tinakbo niya ito. Marahil sa sobrang pasasalamat na may dumating sa oras na nagsisimula na siyang matakot ay nayakap niya ang lalaki. Naramdaman din niya ang pagyakap nito sa kanya. Nanigas ang katawan niya. Nanigas din ang katawan nito... sa ibaba. Nakasuot lang kasi ito ng shorts at ngayon nga ay basa na rin ng ulan. Mabilis na inilayo ng dalaga ang katawan dito. Nagkatitigan sila na tumagal din ng ilang sandali. Napakagat-labi siya at nagbaba ng tingin.

“Er... ah... doon tayo. Malapit na ito sa aking kubo. Magpatila muna tayo ng ulan doon.” Itinuro nito ang daan sa kaliwang bahagi ng gubat.

Tila hinugasan ng ulan ang kanyang puso at nawala ang asar niya rito. Nakaalalay pa rin ito sa kanya nang magsimula silang maglakad. Naiba ang kanta niya sa isip. Naging *‘Buhos pa ulan, aking mundo’y lunuring tuluyan. Hatid mo ma’y bagyo, dalangin ito ng puso kong sumasamo...* Pinagalitan niya ang sarili. Nagkadikit lang ang kanilang mga katawan nang ilang segundo ay kung anu-ano na ang naiisip niya.

Nanginginig sila pareho nang makapasok sa loob

ng maliit na kubo. Kaagad siyang inabutan ni Dan ng malinis na tuwalya at damit.

“W-walang shorts?” nahihiyang tanong ni Sasha.

Napakamot ito ng ulo. “Mahuhubo lang sa iyo ang shorts ko. ‘Yang t-shirt ko lang ang kasya sa iyo.”

Laglag ang panga ng dalaga, pero wala naman siyang ibang pagpipilian pa. Kung hindi niya huhubarin ang basang mga damit niya ay siguradong magkakasakit siya. Pumasok siya sa banyo na itinuro nito at inayos ang sarili. “Okay na rin,” aniya nang maisuot na ang t-shirt. Halos umabot iyon sa itaas ng mga tuhod niya. Hindi niya alam kung lalabas siya dahil wala siyang mga panloob! Mabuti na lamang at makapal ang tela ng t-shirt kaya alam niya na hindi aninag ang kanyang mga tanging yaman. Isinampay niya ang mga basang damit upang matuyo ang mga iyon.

Nakailang lunok muna siya bago lumabas ng banyo. Nailang siya nang tingnan siya ng lalaki. Ito naman ang pumasok doon para magpalit ng damit.

Sa labas ay patuloy pa rin ang pagbuhos ng malakas na ulan. Isinara niya ang pinto at bintana nang hindi niya makayanan ang sobrang lamig na dulot ng malakas na ihip ng hangin.

Narinig niya ang pagbukas ng pinto ng banyo. Lumabas si Dan na nakapagpalit na ng tuyong t-shirt at shorts.

“Nagugutom ka na?” tanong nito.

“Oo. May puwede ba tayong iluto?”

“Mayroong mga gamit dito para sa pagluluto ng simpleng lugaw,” anito.

“Sige. Kaya kong magluto niyon,” nakangiting sabi niya.

Sinamahan siya ng binata sa kusina. Inayos nito ang kalan. Magkatulong silang nagluto ng lugaw. Bumalik sila sa sala habang hinihintay na maluto iyon.

“Salamat nga pala,” naiilang na sabi ni Sasha.

“Sa susunod ay huwag ka nang papasok nang husto dito sa kakahuyan. Hindi mo pa kabisado ito.”

“Pasensya na uli.” Para itong sirang plaka; sinabi na nito iyon kanina, sinabi na naman.

Naasiwa siya nang tapunan muli siya nito ng tingin. Hindi siya komportable sa kanyang suot lalo pa at wala siyang panloob. Kahit papaano ay natatakot siya ganitong sila lang dalawa ang nasa kubo.

“Titingnan ko lang ang niluluto ko,” paalam niya.

Tinawag niya ang lalaki nang masiguro na luto na ang lugaw. Sabay silang kumain nang tahimik.

“Dito na siguro tayo magpapalipas ng magdamag. Malabong huminto ang ulan ngayong gabi,” anito nang makabalik na sila sa sala. “Ikaw na ang matulog sa silid. Dito na lang ako sa sala.”

“Salamat.” Nagpaalam siya rito at pumasok na sa maliit na kuwarto.

Naawa naman siya sa lalaki dahil sa matigas na bangko lang ito matutulog. Lumabas siya at inabutan ito ng unan at kumot. Naaawa man dito ay wala siyang magawa. Alangan namang matulog sila sa iisang kama. Biglang bumilis ang tibok ng puso niya sa isiping iyon.

Dahil sa pagod ay kaagad siyang iginupo ng antok.

Nagising si Sasha nang makaramdam ng sobrang lamig. Nang idilat niya ang kanyang mga mata ay tumambad ang kadiliman. Hindi niya alam kung ano ang kanyang kakapain. Isang malakas na sigaw ang pinakawalan niya.

“Sasha, bakit?” anito. Unti-unti na ring nasasanay

ang mga mata niya sa dilim kaya naaninag niya ang pagpasok nito.

“Bakit sobrang dilim?”

“Nawalan ng kuryente. Nauga siguro ang kawad sa lakas ng ihip ng hangin. Namatay na rin ang flashlight na dala ko.” Umupo ito sa gilid ng kama.

“Dito ka na lang matulog,” pakiusap niya. Ikinabigla niya iyon; huli na para bawiin pa niya ang nasabi. Takot din naman siya sa dilim.

Parang nag-aalangan na tumango ito.

Umusod siya para makahiga si Dan sa tabi niya. Nadama niya ang init ng katabi dahil sa pagkakalapit nilang iyon. Hindi kalakihan ang kama. Isa pa, matipuno ang pangangatawan ng lalaki kaya ang mga braso nila ay magkadikit na. Napalunok siya. Pero mayamaya lamang ay muli siyang nakatulog.

Napalunok si Dan. Ang init ng katabi ay parang gustong magpabaliw sa kanya. Alam niya na walang suot na kahit anong panloob si Sasha. Kanina lang nang yakapin siya nito sa labas ay naramdaman niya ang mayamang dibdib nito.

Ngayon naman ay katabi na niya mismo ang

dalaga ay doble ang init na kanyang nararamdaman. Kung anu-anong nakakakiliting imahinasyon na ang pumapasok sa kanyang isipan. Alam ni Dan na kailangan niyang paglabanan iyon. Napayapa naman siya nang maisip ang mga characters sa kanyang mga nobela. Si *Aling Magda* na isang malupit na mangkukulam, ang malungkot na si *Valentino* na patuloy pa ring hinahanap ang nawawala nitong ulo, at ang nais maghiganti na tiyanak na si *Omega*. Si *Kapitan Kapre* na laging nananakot ng mga naliligaw sa gubat.

Kumilos si Sasha. Yumakap sa kanya ang isang braso nito. Ang isang binti nito ay naidantay rin nito sa kanyang binti. Lalo tuloy niyang naramdaman ang kinis at lambot ng katawan ng babae. Dahil doon ay binubuhay na naman ang init sa katawan niya. Kinontrol niya uli ang nararamdaman sa pamamagitan ng pag-iisip sa iba pang bida sa mga nobela niya. Si *Inkong Golem* na luwa ang mga mata at may kapangyarihan na bumuhay ng mga patay. Ang impaktitang si *Remedios* na kumakain ng puso.

Gumalaw ang dalaga, mas lalong humigpit ang yakap sa kanya. Napapikit si Dan nang mariin subalit ang diwa niya ay gising na gising. Hindi siya nakatulog buong gabi.

Umiikot si Sasha habang nagbabagsakan ang makukulay na bulaklak mula sa kalangitan. Wala nang sasaya pa sa kanya dahil sa wakas ay natagpuan na rin niya ang lalaking makakasama niya habang-buhay. Heto nga at papalapit na ito sa kanya. Hindi pa niya nakikita ang mukha nito, subalit alam niya na ito na ang kanyang hinihintay. Iyon ang sinasabi ng puso niya. Ang saya na hatid ng pag-ibig ay napakahirap ipaliwanag. Mayamaya ay nakita na niya ang pigura nito, subalit hindi niya mabanaag ang mukha. Walang anu-ano ay may ipu-ipo na dumating at hinihigop niyon ang lalaki palayo sa kanya. Pilit niyang hinabol ito upang tulungan ngunit malakas ang puwersa ng ipu-ipo.

“Huwag! Hindi ka puwedeng mawala! Sa akin ka lamang! Huwag mo akong iwan!” nagsusumamong sabi niya. Subalit tuluyang nawala sa kanyang paningin ang lalaki...

“Sasha, gising!” Isang boses-lalaki ang narinig ng dalaga. Naramdaman niyang niyuyugyog siya nito sa pagtatangkang gisingin siya.

Bigla niyang idinilat ang mga mata. Ang bagong

gising na mukha ni Dan ang tumambad sa kanya.

“Aayos ka lang ba? Sumisigaw ka sa panaginip mo.”

Napakurap-kurap siya, naalala ang napanaginipan niya. Napalunok siya habang nakatitig sa mukha nito.

“Sorry kung nagising kita.” Tumingin siya sa paligid, bahagyang maliwanag na.

“Do you want to talk about this?” mahinang tanong nito.

“No,” nakayukong sabi niya. “Anong oras na ba?”

“Fine. It’s seven in the morning. B’alik na tayo sa bahay.” Tumayo na ito at lumabas ng silid.

Pasipul-sipol ito habang binabagtas nila ang daan palabas ng kasukalan. Nang medyo malapit na sila sa labas ay nagpatiuna na siya ng paglakad dito. Hindi tuloy niya napansin ang isang malaking bato na nakaharang sa daan kaya muntik na siyang makipaghalikan sa lupa kung hindi lamang maagap na nasalo siya ng lalaki. Unang nahagip siya nito sa shorts na suot niya bago nasalo sa baywang kaya nahubo ang medyo basa pa niyang shorts.

Mabilis niyang inayos iyon. Gusto niyang manliit sa hiya.

“Ang laki na ng bato na ‘yon, hindi mo pa nakita. Kung saan-saan siguro tumatakbo ang isip mo.” Pumalatak pa ang binata.

Tiningnan niya ito nang masama. Sa lalong pagkaasar niya ay tinawanan lamang siya nito.

Nang gabing iyon ay pinuntahan siya ni Eloisa sa kanyang silid. Bakas na bakas ang pag-aalala sa mukha nito.

“Bakit ho, Tita?”

“Sasha, hija, kailangan kong umalis nang ilang araw dahil nagkasakit ang aking pinakamatalik na kaibigan na nasa kabilang bayan. Nag-iisa na lamang siya at natatakot ako na baka kung ano ang mangyari sa kanya pag wala siyang kasama. Kailangan kong umalis bukas na bukas din. Pasensya ka na, ha? Inimbita kita na dumito pero ako naman itong aalis,” nahihiyang sabi nito.

“Okay lang ho iyon, Tita. Kailangan ho kayo ng kaibigan ninyo kaya nauunawaan ko.”

“Pasensya na talaga, ha? Huwag kang mag-alala. Nasabi ko na kay Dan na kung may kailangan ka, eh, tulungan ka niya. Maasahan naman ang anak ko, hija. Mabait ‘yon. Siguradong magkakasundo kayo,” paniniguro pa ng ginang.

4

“Minamaliit mo ba ako?” nakakunot-noong sabi ni Sasha. Napakaliwanag ng sikat ng araw, pero pinadidilim ni Dan ang umaga niya. Sabihin ba naman nito na hindi raw yata siya marunong magluto kaya ito na lamang ang magluluto ng pananghalian mamaya. Kasalukuyan silang kumakain ng champorado na ito ang nagluto at lihim na nagustuhan niya dahil tamang-tama lang ang tamis niyon.

“Wala akong sinasabing ganyan. Bagaman maliit ka naman talaga, hindi ko minamaliit ang pagkatao mo. ‘Ika ko, baka busy ka at hindi sanay magluto ay ako na ang magluluto mamaya,” nakataas ang isang sulok ng mga labi na paliwanag nito.

Inirapan na lamang niya ito at ipinagpatuloy ang pagkain. Sabay silang natapos kaya inabot niya ang mangkok nito para imisin iyon na siya rin naman nitong ginawa. Dahil doon ay di-sinasadyang naglapat ang kanilang mga kamay na parehong nakahawak sa mangkok nito. May kung anong kuryente siyang nadama kaya bigla niyang binawi ang kanyang kamay na naging dahilan para lumipad ang mangkok at tumama sa mukha ng lalaki.

“Aray ko po!” anito habang sapo ang nasaktang mukha.

Nanlaki ang mga mata ni Sasha. Dagli siyang napalapit dito, tumiyad at natatarantang hinawakan ang mukha nito. “Saan ang masakit? Ito ba?” nag-aalalang tanong niya habang hawak-hawak at sinisipat ang mukha nito. Ganoon na lamang ang pagkabog ng kanyang dibdib nang magtama ang kanilang mga mata.

“Hindi naman masyadong masakit,” ani Dan na hindi natinag sa pagkakatitig sa kanya.

Saka niya napagtanto ang kanyang ginawa. Sukat doon ay nag-init bigla ang kanyang pisngi. Mabilis na inalis niya ang mga kamay sa mukha nito at tumalikod.

“Ako na ang magliligpit,” anito.

Napakagat-labi siya at nagmamadaling umakyat sa kanyang silid. Mabilis pa rin ang tibok ng kanyang puso. Ano ba ang sumanib sa kanya at umakto siya ng ganoon?

Humarap siya sa salamin at pinagalitan ang sarili. “Magtigil ka! Gawin mo ang nobela mo!”

Parang robot na naka-receive ng command ay

nagmamadaling binuksan niya ang kanyang laptop para mainis lang muli dahil wala rin siyang maisip na eksena kundi ang eksena lamang na kanyang ginawa sa kusina. Inis na itinabi niya ang laptop matapos ang mahigit isang oras na pakikipagtitigan sa LCD niyon. Kailangan na niyang magluto ng pananghalian.

Nag-iisip siya ng puwedeng gawin sa karne ng baboy na nakita niya sa freezer kanina kaya hindi niya namalayan na pababa na siya sa hagdanan. At sobrang dulas niyon! Hindi na niya nagawang sumigaw pa dahil tuluy-tuloy na siyang tumalbog pababa. At hindi lang pala siya ang tatalbog pababa dahil sa kalagitnaan ng hagdanan ay nakita niya ang nagulantang na si Dan na noon ay paakyat naman at hindi na nakaiwas pa sa kanyang hagupit. Napapikit na lamang siya nang mariin.

Kahit papaano ay sinuwerte pa rin siya at sa malapad na alpombra bumagsak ang kanyang ulo. Nang ganap na mahimasmasan siya ay ganoon na lamang ang panlalaki ng kanyang mga mata. Napatili siya, sabay tulak sa binata na nakadagan sa kanya at ang ulo ay nakasubsob sa dibdib niya.

“S-sorry.”

“Bastos!” Nag-iinit ang mukha ni Sasha. Hindi siya direktang makatingin dito dahil sa nangyari.

“Sinadya mo yatang magpatihulog.”

“Ang kapal mo talaga!”

“Ngayon ko masasabing may kakambal kang kamalasan,” nakaismid na sabi ng bianta nang makabangon.

“Ang yabang mo!” asik niya. “Kasalanan ko ba kung madulas ang hagdanan?”

“O sige, kasalanan na ng hagdanan.” Tumayo ito at inilahad ang kamay upang alalayan siyang makatayo.

Inirapan muna niya ito bago inabot ang kamay nito. Muli ay naramdaman niya ang pamilyar na kuryente, subalit binale-wala na lamang niya iyon sa takot na kung ano na naman ang mangyari.

“Tutulungan na kitang magluto,” anito.

“Huwag na at baka sumiklab pa ang kusina.” Tinalikuran na niya ito.

Naisipan ni Sasha na magluto na lamang ng apritadang baboy. Inihanda niya ang lahat ng kanyang kailangan. Akala niya ay hindi na siya susundan pa ng binata sa kusina, pero mayamaya lamang ay nagulat siya dahil nasa likuran na niya ito.

“Mukhang masarap ang iluluto mo,” anito.

Nagtayuan ang kanyang balahibo nang maramdaman ang paghinga nito sa kanyang batok. “Aalis ka ba o gusto mong isama kita sa tinatadtad kong baboy?”

Natawa naman si Dan at lumabas na ng kusina. Saka lamang siya napanatag sa pagluluto. Siniguro muna niyang tamang-tama na ang lasa ng afritada bago niya ito tinawag upang kumain. Mahirap na at baka pintasan uli siya nito.

“Ngumuya ka naman,” aniya nang makita itong sunud-sunod sa pagsubo.

“Masarap ka palang magluto,” anito habang nakatingin sa mukha niya.

Naramdaman niyang namula ang kanyang pisngi. “S-salamat.” Ipinagpatuloy niya ang pagkain kahit mabilis pa rin ang sasal ng kanyang dibdib.

“Sakto!” natutuwang bulalas ni Sasha habang nakatingin sa kalangitan. Kasalukuyan siyang nasa gilid ng bahay at nakaupo sa isang bangko na nakalagay sa tabi ng katawan ng isang punong mangga.

Napakaganda ng gabing iyon. Kumikislap ang langit sa dami ng bituin at kakaibang liwanag na ibinibigay ng buwan. Ipinatong niya sa lamesa ang kanyang laptop at binuksan iyon. Pinatugtog niya ang instrumental na kantang *Moon River*. Ipinikit niya ang mga mata at hinayaan ang kanyang isip na tangayin siya sa isang magandang eksena na puwede niyang idagdag sa kanyang nobela. Mabilis namang gumana ang kanyang imahinasyon. Nagsimula siyang tumipa habang nakapikit pa rin. Tuluy-tuloy ang pagdaloy ng ideya sa isipan niya.

“Sinasyang mo ang magandang tugtog.”

Mabilis siyang dumilat at tiningala ang nagsalita. Muntik na siyang mapasinghap nang masilayan ang guwapong mukha ni Dan. Parang nalulunod siya tuwing makikita ito. Nakalahad ang kamay nito. Nagtatanong ang mga mata na tinitigan niya ito.

Isang matamis na ngiti ang sumilay sa mga labi ng binata. “Shall we dance?”

Hindi niya malaman kung ano ang itutugon dito, ngunit mayamaya pa ay tila tinangay ng magandang tugtog ang lahat ng kanyang pag-aalinlangan. Inabot niya ang kamay nito at tumayo. Sa kanyang pagkabigla ay hinapit siya nito sa baywang. Napalunok siya sa pagkakalapit na iyon ng kanilang mga katawan.

Nasamyo niya ang mabini nitong pabango. Nagsimula siyang igiya nito sa pagsayaw.

Mistulang idinuduyan ang kanyang pakiramdam sa mga sandaling iyon lalo pa at banayad na nilapatan nito ng kanta ang magandang tugtog habang seryoso pa rin na nakatingin sa kanya. *“Moon river, wider than a mile. I’m crossing you in style someday....”*

Gusto nang humalinghing ng puso ng dalaga dahil hindi iyon magawa ng kanyang bibig. Hindi niya alam kung paano niya nagawang makipagtitigan dito. Namigat ang talukap ng kanyang mga mata nang masuyong haplusin nito ang pisngi niya. Nang magmulat siya ay nakita niya ang unti-unting paglapit ng mukha nito sa kanyang mukha. Ramdam niya ang matinding pagtahip ng kanyang dibdib. Nang aktong hahagkan na siya nito sa labi ay bahagya niya itong naitulak.

”T-tapos na ang tugtog,” aniyang nakatungo. Hindi na niya kayang salubungin ang tingin ni Dan.

Narinig niya ang paghugot nito ng hininga. *“I’m sorry,”* anito nang pakawalan siya.

Iniligpit niya ang kanyang laptop. *“Papasok na ako. Good night.”* Tipid na nginitian niya ito.

Nahirapan siyang makatulog nang gabing iyon.

Ayaw niyang tanggapin na may nararamdaman siya para sa anak ni Tita Eloisa. Pero bakit nga ba siya kinakabahan sa tuwing lalapitan siya nito?

Pinalis niya ang nagsusumiksik na kasagutan sa kanyang isipan.

Naiinis si Dan sa mga tauhan ng nobela niya. Bumabait ang mga ito. Kahit si *Kapitan Kapre* ay hindi na nananakot ng mga taong naliligaw sa kagubatan. Si *Valentino* naman ay hindi na galit sa dating kasintahan na pumugot ng ulo nito. Si *Impong Golem* ay tila ayaw nang bumuhay ng mga patay. Nahihirapan siyang kapain ang bangis ng mga ito. Naihilamos niya ang mga kamay sa kanyang mukha. Noon ay napakadali para sa kanya ang tapusin ang isang nobela sa isang upuan lamang. Ano ba itong nangyayari sa kanya?

Hindi maiwasang sumagi sa isip niya si Sasha. Napakasarap nitong ikulong sa kanyang mga bisig. Hindi yata siya magsasawang titigan ito.

Natatawa na rin siya sa katarayan ng babae. Napakasarap nitong asarin at tudyuin dahil ang bilis mamula ng mukha nito. Napailing na lamang siya.